
GRADE VI

# MGA PALATANDAAN NG KAUNLARAN

## ALAMIN MO




- *Masdan at pag-aralan ang larawan.*
- *Ano-ano ang katangian ng maunlad na bansa na makikita sa larawan.*
- *Masasabi mo bang maunlad na ang pamumuhay sa ating bansa? Bakit?*


Sa modyul na ito, matututuhan mo ang kahulugan ng kaunlaran at ang mga palatandaan ng pag-unlad.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Iguhit ang ☺ kung sang-ayon ka sa isinasaad ng pangungusap at ☹ kung hindi ka sang-ayon dito.

_________1. Pagtitipid sa paggamit ng kuryente.
_________2. Pagtatapon ng basura sa ilog at dagat.
_________3. Paggalang sa karapatan ng isang bata.
_________4. Madaling nakapagluluwas ng kalakal sa ibang bansa.
_________5. Paglahok sa proyekto ng pamahalaang "clean and green"
_________6. Pagsunod sa batas trapiko.
_________7. Magagandang pook na pinupuntahan ng mga turista.
_________8. Ipagkibit balikat ang programang "Bantay-Bata"
_________9. Pagbabayad ng buwis sa takdang oras.
________10. Pagtatanim sa mga nakatiwangwang na lupa.

## PAG-ARALAN MO




- *Pagmasdan mo ang larawan at iyong suriin. Ano ang isinasaad nito? Ano ang pumapasok sa iyong isipan? Kaunlaran na ba ito? Ano ang kahulugan nito?*

Basahin mo ang lathalain.

Ang iba't ibang tao ay may kani-kaniyang pakahulugan sa kaunlaran. May nagsasabing ito ay pagtatamasa ng pambansang karapatan at kasaganaan sa buhay ng mga mamamayang bumubuo sa bansa. Sa iba, ang kaunlaran ay kung ang isang bansa ay may maunlad na pulitika, mayamang kultura at may malulusog at matatalinong mamamayan. Kung titingnan natin sa kabuhayang pananaw, ang kaunlaran ay ang pagtaas ng pinagsama-samang kabuuang halaga ng mga bagong gusali at kagamitang pamproduksyon sa buong isang taon. Ito ay tinatawag na kabuuang Pambansang Produkto o Gross National Product (GNP). Ang GNP ay ang halaga ng kabuuang produkto at paglilingkod, gayundin, ang kabuuang gugugulin ng mga konsyumer, ng pamahalaan at pribadong mamumumuhunan ng isang bansa sa loob ng isang takdang panahon. Kaugnay ng GNP ay ang per capita income o kita ng bawat Pilipino sa isang taon. Kung gayon, masasabing ang kaunlaran ay pagtatamasa ng mga mamamayan ng katatagan, kapayapaan, kalayaan at kasaganaan sa pamumuhay nito sa isang bansa. Masasabi mo bang maunlad ang iyong pamilya? Ang iyong pamayanan? Ang iyong bayan?

- Ibigay mo naman ngayon ang kahulugan ng kaunlaran. Anu-anong salita ang may kaugnayan sa kaunlaran? Gamitin mo ang grapikong presentasyon sa ibaba.




- Maunlad na ba ang ating bansa?

Sa araling ito ay makikita mo sa maraming bagay ang isang umuunlad o maunlad na bansa. Ang ilang halimbawa nito ay ang pag-unlad ng kabuhayan, pulitika at kultura.


- Basahin mo ang pag-uulat ng unang pangkat ng mga mag-aaral ni Gng. Reyes. Panoorin mo ang mga larawang inihanda.


Magandang umaga sa iyo. Aming iuulat ang ilan sa mga palatandaan ng pag-unlad ng kabuhayan.


Handa ka na ba?



| | | |
|---|---|---|
| Bata 1 : Emmanuel | “ Paglaki ng produksyon, tanda ng kaunlaran, kung patuloy na lalaki, hanapbuhay ay dadami.” |   |

| | | |
|---|---|---|
| Bata 2 : Alberto | “Makabagong teknolohiya napapabilis ang paggawa. Sumusulong ang kabuhayan, tanda ng kaunlaran.” |  |



| | | |
|---|---|---|
| Bata 3 : | "Maraming mga mamamayan ang may hanapbuhay. Nagagamit ang mga kasanayan at talino sa pag-unlad ng mamamayan. " | |
| Bata 4 : Artemio | "Pagdami ng industriya para sa mamamayan,<br>sa manggagawa hanapbuhay<br>ay biyaya, kaunlaran ay tanda" |  |

Naunawaan mo ba ang mga iniulat? Sagutin mo ito.

- *Ano-ano ang palatandaan ng kaunlaran?*

Isulat mo ang iyong sagot sa grapikong presentasyon sa ibaba.

Mga Palatandaan ng Kaunlaran

- *Pagbalik-aralan mo naman ngayon ang iyong natutuhan tungkol sa mga karapatang tinamo ng bansa nang ito ay maging ganap na malaya.*
- *Pag-aralan mo ang larawan sa ibaba at sagutin ito ayon sa iyong sariling karanasan.*




- *Paano ginagamit ng mga tao ang kanilang karapatan sa pagboto? Sa pananalita?*

Basahin mo ang ginawang interbyu ng ikalawang pangkat ng mga mag-aaral kina G. Cruz at Gng. Reyes.




Ano-ano po ang katangian ng isang bansang may maunlad na sistemang pulitikal?



Masasabing maunlad ang sistemang pulitikal ng bansa kung ang mga mamamayan ay nagtataglay ng mga kalayaan at karapatang may kaugnayan sa pamamahala sa bansa. Ang ibig sabihin nito ay ang kalayaan ng mga mamamayang pumili ng pinuno ng bansa. Ang karapatang ito ay higit na natatamasa sa panahon ng halalan.



Nagtataglay rin ng kaunlarang pampulitika ang bansa kung ang mga mamamayan ay may kalayaan sa pananalita at pamamahayag. Sa ganitong paraan, naipaparating nila sa kinauukulan ang kanilang opinyon o saloobin at mga karaingan nang walang takot o pangamba.





Gawin mo ito.

Magtala ka ng mga palatandaan ng kaunlarang pampulitika sa bansa.

1. Pagbalik-aralan mo naman ngayon ang kahulugan ng


   KULTURA.



*Sino-sino ang nasa larawan?*

Sila ay mga mananayaw ng bansa ang Bayanihan Dance Troupe. Ang sayaw, awit, musika, sining, panitikan, kaugalian, paniniwala at mga pagdiriwang ay bahagi ng kultura. Ito ay nagbibigay ng pambansang pagkakakilanlan.

Paano patuloy na pinauunlad ang kultura ng bansa? Pakinggan mo ang pag-uulat ng Ikatlong pangkat.






Masdan ninyo ang larawan. Kilala ba ninyo sila? Sila ay ilan sa mga Pilipinong nagpapakita ng kanilang pambihirang talino. Si Fernando Amorsolo ay kilalang pintor noong panahon ng mga Amerikano. Si Francisca Reyes Aquino naman ang nagsaliksik ng mga katutubong sayaw ng mga Pilipino.

May ilan din sa maraming tanghalan ang itinayo upang maitaguyod ang mga gawaing pangkalinangan. Halimbawa'y ang Pambansang Museo, na nag-iimbak ng pamana ng lahing Pilipino.





Maraming proyekto at programa ang inilunsad at ipinagpapatuloy sa kasalukuyan upang mapanatili, mapahalagahan, hangaan at mapalaganap ang kulturang Pilipino.

Kung mabibigyan ka ng pagkakataon, paano ka makatutulong sa pagpapaunlad ng kultura ng bansa?

Subukin mo namang tukuyin ang mga palatandaan ng kaunlaran ng kabuhayan, pulitika at kultura ng bansa.

Gawin ang tsart sa ibaba. Isulat ang hinihinging datos.

| Palatandaan ng Kaunlaran | | |
|---|---|---|
| pangkabuhayan | Pangkultura | Pampulitika |
| | | |

## PAGSANAYAN MO

Lagyan ng bituin (☆) ang nagpapakita ng kaunlaran ng bansa.

1. Makukulay na pagdiriwang ng mga pangkat-etniko.
2. Ang mga bagay na ginagamit ng ating ninuno ay itinatapon na.
3. Ipinakikita sa Pambansang Museo ang kultura ng iba't ibang pangkat-etniko ng bansa.
4. Pinabayaan na ang bai-baitang na palayan sa Banaue.
5. Dumarami ang mga galeriya sa buong bansa.
6. Ang mga awiting Pilipino ay di-inaawit ng mang-aawit na Pilipino.

7. Hindi na kailangan ang isang wikang pambansa.

8. Iniaangkop ng mga kompositor ang mga awitin sa adhikain at damdamin ng mga Pilipino.

9. Ang mga bagay na mahalaga ay inilalagak sa isang museo.

10. Patuloy na dumarami ang walang hanapbuhay.

## TANDAAN MO

- *Ang kaunlaran ay pagtatamasa ng pambansang karapatan at kasaganaan sa buhay ng mamamayang bumubuo ng bansa.*

- *Ang palatandaan ng kaunlaran ay pagkakaroon ng isang bansang may maunlad na kabuhayan, pulitika at kultura at may matatalino at malulusog na mamamayan.*

## ISAPUSO MO

Timbangin ang saloobin sa "see-saw".

Lagyan ng tsek (√ ) ang bilang ayon sa pagkakagusto.

1 o 5 - *kung gustung-gusto*
2 o 4 - *di-gaanong gusto*
3 - *hindi gusto*

1) 1 2 3 4 5 Ipinagmamalaki ko ang Pilipinas.

2) 1 2 3 4 5 Pakikiisa sa pambansang paligsahan sa paglalaro.

3) 1 2 3 4 5 Pagtangkilik sa kulturang Pilipino.


4) 1 2 3 4 5 Pakikilahok sa proyekto ng pamahalaan.

5) 1 2 3 4 5 Matapat na paglilingkod ng mga kawani at pinuno ng pamahalaan.



## GAWIN MO

Isulat sa puno kung ang palatandaan ng kaunlaran ay KULTURA, KABUHAYAN O PAMPULITIKA. Isulat ang wastong sagot sa iyong kwaderno.








## PAGTATAYA

Isulat ang titik ng wastong sagot.


1. Ano ang kaunlaran ng bansa na tumutukoy sa pagtatamasa ng kalayaan at karapatan na nauukol sa kanila?
   A. pulitika
   B. kultura
   C. edukasyon
   D. kabuhayan

2. Ano ang nagbibigkis sa mga mamamayan at pinagmulan ng diwa ng pagkakaisa?
   A. pulitika
   B. kultura
   C. edukasyon
   D. kabuhayan

3. Paano natin mailalarawan ang maunlad na pamayanan?
   A. maraming negosyante
   B. maganda ang pook aliwan.
   C. maraming mayayamang naninirahan.
   D. nagtutulungan at nagkakaunawaan ang mga kapitbahay.


4. Ano ang palatandaan ng kaunlaran sa larangan ng kabuhayan?
   A. paglaki ng populasyon
   B. pagdami ng laang-bisig
   C. pagdami ng nandarayuhan
   D. paglaki ng bilang ng may hanapbuhay

5. May mga gawain na nakatulong sa pag-unlad ng bansa. Alin sa sumusunod ang hindi nakatulong sa pag-unlad ng bansa?
   A. pagiging malikhain at masisikap na tao.
   B. pagpunta ng mga propesyonal na Pilipino sa ibang bansa
   C. paggamit ng mga kalakal at paglilingkod nang wasto
   D. wastong paggamit ng likas na yaman



## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Bilang isang mabuting mamamayan na nagnanais makatulong sa pag-unlad at pagsulong ng bansa, sumulat ka ng iyong mga pangako sa pagsasakatuparan ng iyong mithiin. Maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng pagguhit ng mga larawan, paglikha ng islogan, awit, tula o sanaysay.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.